

Cultural Values Reflected on Folk Songs of Arumanen Manobo in Barangay Renibon, Pigcawayan North Cotabato, Philippines

Lianne Grace J. Vegafria and Maria Luz D. Calibayan (EdD)

University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato, Philippines
luzcalibayan29@gmail.com

Asia Pacific Journal of
Education, Arts and Sciences
Vol. 3 No.4, 76-84
October 2016
P-ISSN 2362-8022
E-ISSN 2362-8030
www.apjeas.apjmr.com

Date Received: September 15, 2016 ; Date Revised: October 29, 2016

Abstract- *This study aimed to collect folk songs of the Arumanen Manobo, translate the gathered folk songs into Filipino language and identify the cultural values reflected on their folk songs. The scope of the study was confined to the collected folk songs of Arumanen Manobo in Renibon, Pigcawayan North Cotabato. The gathered folk songs were transcribed from Arumanen Manobo to Filipino language and the analysis of cultural values from the translated folk songs was in accordance with the concept of Phil Bartle (2007). The research design used in the study is descriptive content analysis because the main objective of the study was to analyse the cultural values found in Arumanen Manobo folk songs. Findings revealed that Arumanen Manobo have existing folk songs which are transmitted by word of mouth from generation to generation. Further, Arumanen Manobo folk songs conveyed different cultural values reflecting their unique cultural traits as a tribe.*

Keywords: Arumanen Manobo, Folk songs, Cultural Values

INTRODUKSIYON

Ang panitikan ay salamin ng lahi sapagkat sa pamamagitan nito ating makikita kung anong kultura ang bumubuo sa isang lahi mula noon at magpahanggang ngayon. Sa pamamagitan ng panitikan ating makikita at masasalaming kung anong karanasan, kaugalian, paniniwala o kaisipan mayroon ang isang tao o lahi na maaaring maihayag naisatitik man o wala [1]. Sinasabi na ang panitikan ay kasaysayan ng kaluluwa ng mga mamamayan. Ito ay nangangahulugang nasasalaming sa panitikan ng lahi ang layunin, damdamin, panaginip, pangarap, paniniwala, kaugalian, tradisyon at pagpapahalaga o sa maikling salita, “kultura”. Hinuhubog sa panitikan ang kagandahan ng kultura ng bawat lipunan. Ang mga karanasan, tradisyon at mithiin ng bawat bansa ay iniingatan sa pamamagitan ng panitikan [2].

Para kina Paz at Sebastian [3] ang panitikan ay kabuuan ng mga karanasan ng isang bansa, mga kaugalian, paniniwala, pamahiin, kaisipan at pangarap ng isang lahi na ipinahahayag sa mga piling salita, sa isang maganda at masining na paraan, nakasulat man o hindi. Ang panitikan ay hindi namamatay sapagkat ito ay patuloy na pinalalago, Habang may tao pang nabubuhay, patuloy pa ring mabubuhay ang panitikan

dahil sa karanasan ng tao nagmumula ang iba’t ibang damdamin na sangkap sa pagbuo ng panitikan.

Bago ang pananakop mayroon ng sariling panitikan ang bansa. Isa na rito ang awiting bayan na ginagawang libangan o pampalipas oras ng ating mga ninuno. Ayon sa Wikipediang Tagalog , ang awiting bayan ay kilala rin sa tawag na kantahing bayan. Ito ay tulang inaawit na tinataguriang pinakamatanandang sining sa Pilipinas na nagpapahayag ng kaugalian, karanasan damdamin, gawain o hanapbuhay at pananampalataya ng taong naninirahan sa isang pook. Samakatuwid sa pamamagitan ng awiting bayan ating masasalaming ang kultura ng isang lahi.

Ang mga tao noon ay marunong sumulat at magsaulo ng tula. Sa uri ng tula ay nangingibabaw ang awit. Ang mga awiting ito ay galing sa iba’t ibang pook ng mga taong hindi nakapag-aral, mga mangingisda at mga taga-bukid, itinuturing na hamak datapwa’t may puso at kaluluwa.

Sa kakulangan ng kanilang kabihansan , ang naging aklat ng unang tao ay ang liwanag ng buwan, ang ningning ng bituin, ang mainit na araw, ang malawak na dagat, ang mga sariwang halaman at ang tubig sa batis.

Inihalintulad nila ang kanilang buhay sa kalikasan, ang kanilang awitin ay naglalarawan ng iba't ibang damdamin.

Ang mga kantahing –bayan ng mga Pilipino ay pumapaksa ng iba't ibang pamumuhay at pag-uugali ng mga tao, ng mga kaisipan at damdamin ng bayan, ipinahahayag din dito ang mga katangian at kasiglahan sa buhay ngating mga ninuno [4]. Ang mga awiting bayan ay nagpapahayag ng damdamin, kaugalian, hanapbuhay at paniniwala ng mga Pilipino. Malaki ang impluwensya ng mga awiting bayan sa kasaysayan ng daigdig. Isa na ang bansang Pilipinas na binubuo ng iba't ibang pangkat -etniko [5].

Sinasabing ang awiting bayan ay isa sa matandang uri ng panitikang Pilipino na lumitaw nab ago pa man dumating ang mga Kastila. Ito ay naglalarawan ng kalinangan n gating nakaraang panahon. Karamihan sa mga ito ay may sukat na labindalawahing pantig. Ilan sa mga ito ay Kundiman (awit ng pag-ibig), Kumintang (awit pandigma), Dalit (awit sa mga diyos-diyosan ng mga Bisaya), Oyayi o Hele (awit sa pagpapatulog ng bata), Diona (awit sa kasal), Soliranin (awit ng mga manggagawa) at Talindaw (awit sa pamamangka).

Maraming awiting bayan ang bansang Pilipinas na nagiging paraan ng pagpapahayag ng mga nararamdama't iniisip. Masasalamin sa mga awiting bayan ang tunay na damdamin, kaugalian, saloobin, gawain at pilosopiya o paniniwala sa buhay ng isang katutubong lahi noong unang panahon at magpahanggang ngayon.

May mga pag-aaral na tungkol sa pagsasatitik ng iba't ibang genre ng panitikan mula sa iba't ibang etnolinggwistikong pangkat sa bansa. Para lalong mapayaman ang pagsasatitik ng mga katutubong panitikan sa bansa ang mga mananaliksik ay nahikayat na pag-aralan ang awiting bayan ng pangkat etnikong Arumanen Manobo.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na makalikom ng mga awiting bayan ng Arumanen Manobo sa barangay Renibon, Pigcawayan Hilagang Cotabato; maisalin sa wikang Filipino ang mga nalikom na awiting bayan at matukoy ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga awiting bayan ng nasabing pangkat etniko.

Ang Tribung Manobo

Ang Manobo ay binubuo ng walong grupo. Ang Cotabato Manobo (Arumanen, Kirinteken at Livunganen), Dibabawon Manobo, Matigsalug

Manobo, Sarangani Manobo, Manobo ng kanlurang bahagi ng Bukidnon (Camiguin, Cagayan at ilang lugar sa Bukidnon at Misamis Oriental), Obo Manobo, Tagabawa Manobo at Tinananon Manobo. Ang grupong ito ay halos magkakatulad maliban lamang sa konting pagkakaiba sa dayalek at ibang aspekto pagdating sa kultura.

Maraming mga sagot patungkol sa kung ano nga ba talaga ang ibig sabihin ng salitang Manobo. Ang isa ay nagsasabing: ang Manobo ay nangangahulugang “tao o mga tao”; ikalawa ito raw ay nagmula sa salitang “Mansuba” na mula sa salitang “man” na nangangahulugang “tao” at “suba” na ang ibig sabihin ay “ilog” ibig sabihin ang salitang “Mansuba” ay nangangahulugang “taong ilog” sapagkat karamihan sa kanila ay makikitang nakatira sa tabi ng ilog; ang ikatlo ay nagsasabi na ito raw ay nagmula sa salitang “Banobo” isang creek na kasalukuyang dumadaloy sa ilog Pulangi dalawang kilometro pababa ng Cotabato City; at ang ikaapat ay nagsasabi na ito ay galing sa salitang “man” na ang ibig sabihin naman ay “first o aboriginal” at “tuvu” na ang ibig sabihin ay “pagtubo o paglaki”.

Ang salitang “Manobo” ay mula sa salitang ugat na suba “ilog” dahil sila ay naninirahan sa tabi at wawa ng suba, sila ay mga “taga-ilog”, o man-suba [6]. Pinaikli ang Mansuba at ginawang Manuba. Ngayon ay tinatawag na Manobo para maipakita ang imahen ng isang lalaki na nagtataglay ng ibayong lakas.

Ang mga Manobo ay nagmula sa mga taong lagalag mula sa kanlurang bahagi ng tsina. Karamihan sa kanila ay nakatira sa tabing- ilog, tabi ng mga burol at sa talampas sa maraming bahagi ng Mindanao. Sinasabing sila ay unang nanirahan sa mga lambak ng Ilog Pulangi subalit naghiwa-hiwalay sa pagdating ni Shariff Kabungsuan dahil sa pagtangga ng ilan sa relihiyong Islam.

Ang karaniwang industriya ng mga Manobo ay ang kaingin. Pangunahing hanapbuhay nila ang pagtanim ng palay at mais. Marunong din sila sa pangingsida, pangangaso at pagkuha ng “pulot”. Dahil dito, nabuhay ang mga Manobo sa isang sagana at matiwasay na pamumuhay. Subalit ang ilang nanirahan ng permanente ay natuto at nakuntento na lang sa pagtanim ng niyog at pagkokopra.

Maraming paniniwala ang mga Manobo. Ilan dito ay ang paniniwala ng mga buntis na sila ay dapat manatili sa loob ng bahay kung pula ang kulay ng langit matapos lumubog ang araw. Ito ay dahil sa paniniwalang ang mga busaw (aswang) na uhaw sa dugo ay nasa paligid at nag-aabang sa biktima. Hindi

rin sila pwedeng tumakbo kapag nasugatan ang paa sapagkat malalaglag ang kanilang pinagbubuntis.

Ang pagiging makasining ng mga Manobo ay makikita sa kanilang pang-araw-araw na kasuotan. Ang kanilang tradisyunal na kasuotan ay magarang binurdahan at halos lahat ay gawa sa abaka. Ito ay kinukulayan gamit ang mga pangkulay mula sa kalikasan. Kumukuha sila sa iba't ibang halaman para sa iba't ibang kulay. Kadalasan ito ay hinahabi na may mga disenyo ng mga bulaklak at mga bagay sa kalikasan. Maging ang pag-ayos ng buhok ay masining din. Ang buhok ng mga babae ay nilalagyan ng kawayang suklay at mga dekorasyon gaya ng perlas, kabibe at mga bagay na iba't ibang hugis. Ang sa mga lalaki naman ay ang tinatawag na tengkulu, isang piraso ng tela na kanilang binubuklod palibot sa kanilang ulo. Mayaman din pagdating sa pagsulat ang tribung Manobo. Mayroon silang atukon, bugtong, salawikain, katutubong kwento, pabula, epiko at nakatutuwang kuwento.

Batayang Konseptwal

Sa pagsuri ng mga awiting bayan ng Arumanen Manobo ginawang batayan ng mga mananaliksik ang konsepto ni Phil Bartle [7] na ayon sa kanya lahat ng kultura (samahang sosyal) ay may iba't ibang sukatan sa pagpapahalaga, ngunit tumutugon pa rin sa kabuuan. Iminungkahi niya ang limang pinakamainam na sukatang pagpapahalagang pangkultural. Una, sukatang ekonomikal na may kaugnayan sa iba't ibang kaparaanan ng paggawa at pagtatabi/paggamit ng kaunti ngunit mapapakinabangang produkto at serbisyo. Ito ay ang pagbibigay halaga sa salapi. Pangalawa, ay ang politikal na sukatan patungkol sa iba't ibang kaparaanan ng pagbibigay kapangyarihan at pagpapasya. Nabibilang din dito ang uri ng pamahalaan at sistema ng pamamalakad ng kinikilalang pinuno. Pangatlong sukatan ay ang institusyonal o panlipunan na kinabibilangan ng mga gawi ng tao, kung paano sila makipag-ugnayan sa isa't isa, kung papaano kumilos at umasa para sa isa't isa. Kasama rito ang pakikipagkaibigan, gampanin ng magulang, katayuan sa buhay at iba pang pag-uugali na sinusunod ng tao. Ang pang-apat na sukatan ay ang pagpapahalagang moral na nauugnay sa ayos ng kaisipan, minsan ay kabaliktaran, walang ayos o kaya ay kontra sa kung anong pananaw ng tao sa mabuti at masama, kagandahan at kapangitan sa tama at mali at ang panghuli ay ang paniniwalang ispiritwal o panrelihiyon tungkol sa pinaniniwalaan ng tao sa

kanyang Diyos, sa kalikasan ng langit, ng mundo, sa paligid niya, sa mga bagay na pinagmulan at maaaring kinalabasan ng tao.

Sa pag-aaral at pagsusuri ng akdang pampanitikan na pumapaksa sa mga karanasan ng tao sa iba't ibang kalagayang panlipunan, pampulitika, pangkultura at pangkabuhayan, mainam gamitin ang pananaw na sosyolohikal. Pinagtutuunan ng pansin ang mga ugnayang sosyo-kultural, pulitikal, ekonomikal at ang reaksyon ng tao maging ang mga elemento ng akda. Tinatalakay sa pananaw na ito ang mga kalagayang sosyal at pulitikal, ang kapamuhayan, ang mga sitwasyong nag-udyok ng karahasan, kadakilaan, kagitingan at kabayanihan ng isang tao o pangkat ng mga tao. Sa ganitong dulog, ang sistema ng pagpapahalaga sa lipunan ang binibigyang-pokus [8]

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Sinuri ang nalikom na mga awiting bayan sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partikular ang kontent analisis. Sa pangongolekta ng mga datos ginamit ang "convenient sampling" kung saan ang pangangalap ng mga datos ay kinuha mula sa mga impormanteng abeylabol at nakapasa sa krayterya. Gumamit din ng mga kagamitang gaya ng voice recorder, cellphone at camrecorder para sa ginawang pagrekord ng mga awiting bayan habang ito ay inaawit ng mga impormante. Para makakuha ng awtentikong datos bumuo ng krayterya ang mga mananaliksik sa pagpili ng mga impormante. Dapat ang mga impormante ay may gulang limampu (50) pataas, taal na Arumanen Manobo isinilang at lumaki sa lugar na pinagkunan ng mga datos, may sapat na kaalaman sa mga awiting bayan ng kanilang tribu at marunong sa wikang Filipino.

Isa-isang tinumbasan sa orihinal na wika ang nairekord na awiting bayan at isinalin ito sa wikang Filipino sa tulong ng propesyonal na Arumanen Manobo. Sa isinagawang pagsasalin ginamit na batayan ang "Meaning-Based Translation ni (Larson, 1984) [9] na ang pinakamahalagang isalin ay ang diwa at hindi ang salita. Para masiguradong tapat at wasto ang nakuhang datos tiniyak na pagkatapos maisalin sa wikang Filipino ang mga awiting bayan, dumaan ito sa balidasyon sa tulong ng isang gurong Arumanen Manobo at isang barangay opisyal na kinikilala ring "tribal religious" ng nasabing tribu.

Awiting Bayan Ng Mga Arumanen Manobo

Wikang Arumanen Manobo

Si Aken

Si aken mid pengeleyek
A rot balay te do eg kagagarin
Na wey key ra ed paulia
Ke alas dosi en ke andew

Ne marasiy ne merehen
Ke waraen la lukes din
Na ad pinoo ara dyat lasong
Med tihis ke luau ko wey ke
Nguweg ko

So amun imbe biveyag da ke
Mga Lukas ko, pameneyik ara
Eg kaan

Si ama marupangdupang
Bantaye no ra ama
Ke pirang gawii
Si kew ama ad awaan dey

Si Kambing

Mid kahi ke kambing te maselam en
Te wera ed ke kaan nek Mehe..mehe..
Wara kanta koh
Mehe...mehe...mehehehehe...
Mid tavak ke koda teg keselem
Ed tahad at apo kot keano arin id iket

Kenuhon

Kenuhon din, Kenuhon te
Wara ko keumai, kapinalangga
Midpuonan ipinuklod ne laaw- laawan
Na ewit no te ma ovey
Ai ai u ted lalag, ned napiripiri kat luwa
Ned pedsuwey ka't kisengan

We Remember

Yantew ra mad tentenarunan
Ke panduan ted tingelaan
Ne ke kyo paususihay
Ne ke kiyo pereng rengitey
Yan tew ra mad geleveken
Ned limpiyo ro't inangen
Ed saplid enundayan so para
Ke kig kerasiy

Salin Sa Wikang Filipino

Ako

Ako ay nagtatrabaho
Sa bahay ng isang mayaman
Saka na kami uuwi
Alas dose ng tanghali

Mahirap ang isang katulong
Lalo na't wala ng mga magulang
Maupo na lang at manahimik
Hangga't ang luha at sipon ay tumutulo

Sana buhay pa ang nanay ko
Na siyang naghahanda ng pagkain ko
Kakain na lang sana ako
Ng masasarap na pagkaing luto

Ang tatay ko'y walang kwentang ama
Mag-ingat ka ama
Dahil darating ang panahon
Ikaw ay aming iiwan

Si Kambing

Isang umaga, nagsabi si Kambing
hindi pa ako nakakain
Mehehehehe!!!
Sumagot si Kabayo, ako rin
Naghihintay ng aking amo
Kung kalian niya ako pakakainin

Sayang

Sayang na sayang
At hindi ko naabutan
Ang pinakamamahal ko
Siya'y lumisan papalayo
Ang tanging nagawa ko
Umiyak nang umiyak

Mga Alaala

Dapat nating tandaan
Mga utos ng Poong Maykapal
Na huwag mag-away
At huwag pumatay
Mga dapat nating gawin
Maayos na pag-uugali
Nang ating makamtam
Pagmamahal na walang hanggan

Ne ke kid kemerehenan
Ned pemula't barang bi'as
Sika ve ked penlimbong na ed
Iwa ked penlimbong
Si keveh ked panlupig sed pekasakit
Do't ulo ey ulo dot mga rato

Wikang Arumanen Manobo

Yantew ra mad Tentenoran

Yantew ra mad tentenoran
Ke penduan te kerenan
Ne kena kiyu'b paos osiha
Ne kena kiyu'b parengrengita
Yantew ra ma geleveken
Ne ed pemula te inengan,pemula te
Benggala ned kekaan te inineey

Yantew ra ma geleveken
Ned pemule te
Inengan pemula te benggala ned
Keenen te mge etew

Ina, Ama ki Ina

Ekey ina ki ama merasey
Peremdemen
Edtuder ke lisen ko ted tekereg
Diyat bovongan
Ekey ina ki ama merasey ke tege
Bovongan

Egkeuma ke meselem ned
Sinsinehew ara ina
Su kena ko'g ketuenan ke'g
Kerena-an te pusong ko ina, ama
Ko ina merasey peremdemen

Ina ama ko ina kena niyo a idtahak
So egkepesangan a kayi te ampew
Te donya
Ina, ama ko ina, e duma-a keniyo

Basukbasuk

Ed bevasok ke diya te bovongan
Egke umaan key tee d pemenlupig
Sika's geleveken dey ned behinan dan pa
Ne kena ed erosen so kenamin tana

Engkey ted ul-ulaan dey
Te utew key ned limbungan
Edsarigsarig dan ma so wara
Sinebutan dey
Edsarigsarig dan ma so wara
Sinebutan dey

Salin Sa Wikang Filipino

Ito ang ating Landasin

Ito ang ating tandaan
Mga aral ng ating Panginoon
Na hindi mag-awayan
Hindi magsigawan
Ang ating gagawin ay magtanim ng
bait kanino man

At magtanim ng pagmamahal sa isa't isa
Ang ating gagawin ay magtanim
Ng kung anong pwedeng
makain ng bawat tao

Ina, Ama ko Ina

Ina, Ama kay hirap isipin
Halos di na magalaw ang paa ko
Paakyat, pababa ng bundok

Halos magdamag akong umiiyak ina
Dahil di ko alam kung anong gagawin ko
Kaya kay hirap isipin na ako'y iiwan niyo

Mahihirapan talaga ako ina, ama
Na mamuhay ng mag -isa dito sa
Ibabaw ng mundo

Trabaho

Nagbubungkal kami ng lupa doon sa bukid
Nadatnan kami ng mang-aapi
Ang produkto naming ay paghahatiin
At kung tutuusin ay aming lupain

Anong gagawin namin
Panloloko
Sa sobra na panloloko
Maloloko nila kami dahil walang
pinag-aralan

Wikang Arumanen Manobo

Mama

Peminaha ki mama
Mama pemikar kew untaani ne
Timp
Nekesambi ek dado
Ke ruwa rink e gawalhawal
Eyan en begeri niyo ke puro te
kabuhayan
Bullpin

Memelemon Lukes Dey

Memelemon lukes dey
Pegpaitunga niyo en
Ke neohet dan riro
Riro dot ginawa tew

So egkirowan kew en
Se mid uppa't bouvongan
Sonmeriyo kit syodad syodad
Syodad te Cotabato

Tekereg ed Tupang

Merasey peremdemen inged dey
Ke inged dey ne bovongan
So ed tekereg ed tupang
Ed tuder ke boel dey

Enta ve iya ara
Se inged arang
Kapeyahan yan dey
Ra egkekita na memepiya
Ne etew

Pagsusuri Sa Mga Awiting Bayan Ng Arumanen Manobo

Ang awiting bayan na pinamagatang **Si Aken** (Ako) ay may paksa tungkol sa pagtatrabaho at pagpapahalaga sa ina. Ipinapahiwatig sa awit na hindi madali ang magtatrabaho sa iba para lang kumita. Kakikitaan ang awit ng pagpapahalagang ekonomikal at moral. Makikita sa persona ng kanta ang pagpapahalaga sa trabaho. "*Ako ay nagtatrabaho, Sa isang mayaman*" Batay sa linya ng kantang ito makikita kung anong uri ng trabaho ang pinasok ng persona sa kanta`

Salin Sa Wikang Filipino

Kaibigan

Pakinggan mo kaibigan
Magsikap ka sa panahon ngayon
Ang pag-aararo ay papalitan
Ng makabagong istilo at teknolohiya
Kaya mag-aral ka kaibigan
Upang makamit ang magandang

Mapagmahal naming Magulang

Mga magulang na mapagmahal
Pag-isip-isipan n'yo na
Ang pagtitiis na ating nadarama

Kasi tayo na taga bundok ay kawawa
Dahil ang lunsod ay malayo
Tulad ng lunsod ng Cotabato

Paakyat at Pababa

Napakahirap isipin
Sa bundok ang lugar namin
Dahil paakyat at pababa na bangin
Tinitiiis talaga namin
Na laging nakaluhod
Ang aming mga tuhod

Mas mabuti pa tirahan
Ang lugar na kapatagan
Dahil dito matatagpuan
Magandang kabahayan

Sa pagpapahalagang moral naman ipinahayag ang pagkamatiisin ng persona mula sa mga linya ng kanta na: "*Saka na kami uuwi, Alas dose ng tanghali, Mahirap ang isang katulong, Lalo na't wala ng mga magulang*". Mula rito mababakas na may katangian ang mga Arumanen Manobo ng pagkamatiisin. Kabilang din dito ang pagmamahal ng anak sa magulang lalong-lalo na sa ina na inihahayag naman sa mga linyang "*Sana buhay pa ang nanay ko, Na siyang naghahanda ng pagkain ko, Kakain na lang sana ako, Ng masasarap na pagkaing luto.*"

Ang pangungulila ng anak sa pagmamahal at pag-aasikaso ng isang inang yumao na at ang panghihinayang ng anak sa klase ng amang mayroon siya “*Ang tatay ko’y walang kwentang ama*” ay nagpapakita ng katatagan ng anak upang ipagpatuloy ang buhay.

Sa awit na **Si Kambing** (Si Kambing) ay kakikitaan ng pagpapahalagang ekonomikal sapagkat ipinapahayag sa awit ang pagpapahalaga sa mga hayop na inaalagaan ng tribu na isa sa pinagkukunan nila ng mapagkakitaan para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Masasalamon sa awiting bayan na mahilig mag-alaga ng kambing at kabayo ang mga Arumanen Manobo. Patunay lamang ito na hindi lamang mga gawaing bukid ang pwedeng mapagkukunan nila ng kabuhayan kundi nag-aalaga din sila ng mga hayop na pwedeng ibenta para magkapera.

Samantalang ang awiting **Kenuhon** (Sayang), ang mensaheng nais ipahayag sa awiting ito ay pagpaparaya. Ipinapakita na hindi karuwagan ang pagpaparaya. Ipinahihiwatig sa linya ng kanta na “*Sayang na Sayang, At hindi ko naabutan ang pinakamahal ko, siya’y lumisan papalayo, ang tanging nagawa ko ay umiyak nang umiyak*” mula sa mga linyang ito masasalamon na ang mga Arumanen Manobo ay sadyang mapagmahal na mga tao at kaakibat ng pagmamahal na ito ay ang pagpapalaya sa taong minamahal. Ang ganitong pag-uugali ay kakikitaan ng pagpapahalagang moral na ang sukatan ay ang pananaw ng tao na gumawa ng mabuti at tama para sa kapwa-tao.

Pagsunod sa mga utos ng Diyos ang mensahe sa awiting bayan na **We Remember** (Mga Alaala). Sinasabi sa kanta na huwag dapat kalimutan ang mga utos na ginawa ng Diyos. Nakapaloob sa awit ang pagsunod ng mga Arumanen Manobo sa mga utos ng pinaniniwalaan nilang Diyos gaya ng nabanggit sa kanta na huwag mag-away at huwag pumatay. Binibigyang-diin sa awiting ito ang pagpapangibabaw ng ayos ng kaisipan sa kung ano ang tama at mali, masama at mabuti sa kung ano ang kagandahan sa kapangitan. Masasalamon sa awit na ito ang pagpapahalagang ispiritwal at moral ng tribung Arumanen Manobo.

Ang awiting bayan na **Yantew ra mad Tentenoran** (Ito ang ating Landasin) ay pumapaksa tungkol sa mga aral ng Diyos. Lantad sa awit ang mga aral na kailangan gawin ng tribu bilang pagsunod at pagkilala sa mga utos ng kinikilala nilang Diyos. Kakikitaan din ang awiting ito ng pagpapahalagang panrelihiyon at moral.

Pinahahalagahan ng mga Arumanen Manobo ang pagtakwil sa mga gawaing masama at ang pag-alam sa kung ano ang nararapat gawin sa kapwa bilang tao na nakasalig sa mga aral ng Diyos.

Sa awiting bayang **Ina, Ama Ko Ina** ang mensaheng nais ipahiwatig ay tungkol sa kahalagahan ng magulang sa buhay ng anak. Batay sa kanta napakahirap para sa anak kung walang magulang na gumagabay, nag-aaruga at nagsisilbing sandigan sa buhay. Kinapapalooban ng pagpapahalagang moral ang awit na ito sapagkat inilalarawan dito ang pagtitiis na ginagawa ng persona mula sa lugar kung saan siya nakatira “*Halos di na magalaw ang paa ko, Paakyat, pababa ng bundok.*” Ang pagkamatiisin ng mga Manobo ay pinatunayan sa pag-aaral na isinagawa ni Ramos (1980) sa kanyang pag-aaral tungkol sa kanilang katutubong kultura lumabas na isa sa katangian ng tribu ay ang pagiging matiisin. Kakikitaan din ng pagpapahalagang panlipunan ang kanta dahil ipinapakita rito ang kung paano sila makipag-ugnayan sa isa’t isa, kung paano kumilos at umasa sa iba, kasama na rito ang gampanin ng magulang sa anak “*Halos magdamag akong umiyyak Ina, Dahil di ko na alam kung anong gagawin ko, Kay hirap isipin na ako’y iiwan ninyo, Mahihirapan talaga ako ina, ama na mamuhay nang mag-isa dito sa ibabaw ng mundo*”

Pumapaksa ang awiting bayan na pinamagatang **Basukbasuk** (Trabaho) sa di magandang karanasang kanilang naranasan laban sa mga taong mapang-api at manloloko. Kakikitaan ito ng pagpapahalagang panlipunan kung saan ang binibigyang diin ay ang kahalagahan ng edukasyon bilang mabuting sandata laban sa mga taong may masamang balak sa kapwa. Ipinahayag sa awit na wala silang kalaban-laban dahil sa kakulangan sa edukasyon sa hirap na dinanas ng tribu mula sa mga taong mapang-api na kung saan ang pinaghirapang ani o produkto ay inangkin at pinaghatian ng mga taong mapagsamantala.

Tungkol naman sa pagkakaibigan ang mensahe ng awiting pinamagatang **Mama** (Kaibigan). Kakikitaan ng pagpapahalagang panlipunan ang awiting bayan ito dahil ipinapahiwatig kung paano sila nakikipag-ugnayan sa isa’t isa bilang magkakaibigan hindi lamang sa panahon na kailangan nila ang isa’t isa kundi maging sa mga pagkakataong kailangan nila ng gagabay sa kanila patungo sa tamang daan. Nakitaan din ng pagpapahalagang moral ang awiting ito dahil mas nangibabaw ang ayos ng kaisipan sa kung ano ang mas makabubuti at tama katulad na lamang ng pagkakaroon ng isipang bukas para sa pagbabagong

dulot ng panahon katulad ng pag-usbong ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya na maaaring makapagpabago sa mga nakagawian nilang gawin. Ipinapakita lamang na ang mga Arumanen Manobo ay mayroong bukas na isipan sa mga bagong kaalaman at teknolohiya na magagamit nila upang mapagaan ang mga gawaing bukid.

Ang mensaheng nais iparating ng awitin na **Memelemon Lukes Dey** (Mapagmahal naming Magulang) ay nakatuon sa pagiging mapagmahal at pagkamatiisin ng mga magulang na Arumanen Manobo sa mga anak. Likas sa mga Arumanen Manobo ang pagiging mapagmahal lalo na ng mga magulang at ang pagkamatiisin sa kung ano lang ang meron. Ang nabanggit na mga katangian ay kakikitaan ng pagpapahalagang moral.

Kakikitaan naman ng pagpapahalagang moral ang awiting bayan na may pamagat na **Tekereg ed Tupang** (Paakyat at Pababa). Ang mensaheng nais ipabatid ng nasabing kanta ay pagtitiis dahil hindi madali ang mamuhay sa bundok ngunit dapat ay magtiis, maging matatag at huwag mawalan ng pag-asa. Katulad ng nabanggit na sa ibang mga awiting bayan ng Arumanen Manobo na isa sa katangiang likas ng tribu ay ang pagkamatiisin.

RESULTA NG PAG-AARAL

May sampung (10) awiting bayan ang nalikom, isinalin sa wikang Filipino at sinuri. Ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa sinuring mga awiting bayan ng mga Arumanen Manobo ay ang mga sumusunod: **pagpapahalagang panlipunan** na nauugnay sa pagkakaibigan, kahalagahan ng magulang at kahalagahan ng edukasyon; **pagpapahalagang panrelihiyon/ispiritwal** na may kaugnayan sa pagsunod o pagsabuhay sa mga utos at aral ng Diyos; **pagpapahalagang ekonomikal** na nagbibigay –diin sa pagbibigay halaga sa trabaho/kabuhayan at paghahayupan; **pagpapahalagang moral** na may kaugnayan sa pagmamahal ng anak sa magulang, pagkamatiisin, pagkamatatag, pag-ibig, pagpaparaya, paggawa nang mabuti sa kapwa at pagmamahal ng magulang sa anak.

KONKLUSYON

Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang mga awiting bayan ng mga Arumanen Manobo ay nagtataglay ng mga pagpapahalagang kultural na may kaugnayan sa kung ano sila sa kanilang nakaraan bilang isang pangkat etnikong may natatanging kultura. Sumasalamin din ang mga awiting bayan sa kanilang hinaharap sapagkat ang

mga pagpapahalagang kultural na ito ay umiiral pa rin sa lipunan ng mga Arumanen Manobo sa kasalukuyan.

Ang awiting bayan bilang isa sa matandang uri ng panitikan ay nagsisilbing batayan ng mga Arumanen Manobo at ng iba pang mga tribu sa bansa upang lalo pa nilang maunawaan ang kanilang kultura at tradisyon.

Sa larangan naman ng edukasyon ang pag-aaral na ito ay magbubukas ng panibagong kaalaman sa mga mag-aaral at mga guro ng wika at panitikan. Maaaring gamitin ng guro na lunsaran na magsisilbing motibasyon sa kanyang pagtuturo ang mga nabanggit na awiting bayan sa paglinang ng mga mabubuting pag-uugali at mga gawaing pangkultural na makatulong sa pagtaas ng antas ng kamalayan ng mga mag-aaral tungkol sa kultura at tradisyon ng iba't ibang katutubong pangkat na nakatira sa Pilipinas.

REKOMENDASYON

Nakalimita lamang sa sampung (10) awiting bayan ng Arumanen Manobo na nakatira sa barangay Renibon, Pigcawayan Hilagang Cotabato ang sinuring datos sa isinagawang pananaliksik kung kaya't inirerekomenda ang dagdag pang paglilikom, pangangalap at pagsasalin sa wikang Filipino ng mga awiting bayan ng Arumanen Manobo na nakatira sa ibang lugar.

Para sa mga mag-aaral, guro at mga mananaliksik ang pag-aaral na ito ay magsisilbing simula para sa patuloy pang koleksyon ng mga awiting bayan at iba pang “genre” ng katutubong panitikan ng tribung Arumanen Manobo at iba pang mga etnikong pangkat na naninirahan sa ating bansa.

REFERENCES

- [1] Bisa, P.S. (1987). Lahing Kayumanggi. National Bookstore Inc
- [2] Santiago, E.M., Kahayon, A.H., Limdico, M.P. (1989). Panitikang Pilipino. Nat'l Bookstore.
- [3] Sebastian, F.B., Nicasio, P.N. (1985). Sariling Panitikan, Rex Bookstore
- [4] Lalic, E.D., Matic, A.J. (2004). Ang Ating Panitikang Filipino, Trinitas Publishing Inc.
- [5] Salazar, L.A. (1995). Panitikang Pilipino, Katha Publishing CO. Inc.
- [6] Maquiso, E. G. (1977). Ulahingan: An Epic of Southern Philippine Dumaguete City: Siliman University

-
- [7] Bartle, Phil. (2007) .Preserving Culture. Retrieved September 12, 2016, from <http://www.scn.org/cmp/whatcom.htm>
- [8] Badayos, P.B. (1999). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Istratehiya, Grandwater Publications and Research Corporation.
- [9] Larson, M.L. (1984). Meaning- Based Translation: A Guide to Cross-Language Equivalence , USA.

APPENDIX

Abstract in Filipino:

Pagpapahalagang Kultural sa mga Awiting Bayan ng mga Arumanen Manobo sa Barangay Renibon, Pigcawayan Hilagang Cotabato, Philippines

Abstrak - Nilayon ng pag-aaral na ito na makalikom ng mga awiting bayan ng Arumanen Manobo sa barangay Renibon, Pigcawayan Hilagang Cotabato. Sa pagbibigay katuparan sa layunin ng pag-aaral hinangad na makamit ang mga sumusunod: (1) Makalikom ng mga awiting bayan ng Arumanen Manobo. (2) Maisalin sa wikang Filipino ang mga nalikom na mga awiting bayan. (3) Matukoy ang mga pagpapahalang kultural na nakapaloob sa mga awiting bayan ng mga Arumanen Manobo. Saklaw lamang ng pag-aaral ang mga nalikom na awiting bayan ng mga Arumanen Manobo sa Renibon, Pigcawayan Hilagang Cotabato. Pagkatapos ay isinalin sa wikang Filipino at sinuri ang mga pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa mga awiting bayan. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik at sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng deskriptibong pamaraan partikular ang kontent analisis. Natuklasan sa pag-aaral na napanatiling buhay pa rin ng tribu ang kanilang mga awiting bayan. Iba't ibang pagpapahalagang kultural ang nakapaloob sa mga awiting bayan na naging patnubay ng mga Arumanen Manobo sa kanilang pamumuhay. Nabuong konklusyon: Nasasalamin sa mga awiting bayan ng Arumanen Manobo ang kanilang natatanging kultura bilang isang pangkat-etnikong naninirahan sa bansa.

Mga Susing Salita : Arumanen Manobo, Awiting Bayan, Pagpapahalagang Kultural